

## Ang Buod ng Patakaran sa Tulong Pampinansiyal

Providence Hospitalay may pangako at respeto sa dignidad ng bawat tao nang may natatanging pagpapahalaga sa mga taong nahihirapang makakuha ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Providence Hospital ay may patas na pangako na pamahalaan ang mga mapagkukunan ng pangangalagang pangkalusugan bilang serbisyo sa buong kumunidad. Alinsunod sa mga prinsipyong ito, ang Providence Hospitalay nagbibigay ng tulong pampinansiyal para sa ilang partikular na indibidwal na nakakatanggap ng emergency o iba pang pangangalagang medikal na kinakailangan mula sa Providence Hospital. Ang buod na ito ay nagbibigay ng maikling pangkalahatang-ideya ng Patakaran sa Tulong Pampinansiyal ng Providence Hospital's.

### Sino ang Kwalipikado?

Maaari kang makakuha ng tulong pampinansiyal. Karaniwang pinagpapasyahan ang tulong pampinansiyal batay sa kabuuang kita ng iyong sambahayan na ikukumpara sa Federal Poverty Level (Pederal na Antas ng Kahirapan). Kung ang iyong kita ay mas mababa sa, o katumbas ng 250% ng Federal Poverty Level, makakatanggap ka ng 100% diskwento sa kawangawang pangangalaga sa bahagi ng mga bayaring responsibilidad mong bayaran. Kung ang iyong kita ay mas mataas sa 250% ng Federal Poverty Level ngunit hindi lumalampas sa 400% ng Federal Poverty Level, maaari kang makatanggap ng mga may diskwentong rate batay sa isang sukatan ng mga buwis (sliding scale). Ang mga pasyente na kwalipikado para sa tulong pampinansiyal ay hindi sisingilin nang higit pa para sa kwalipikadong pangangalaga kumpara sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyente na may saklaw ng insurance.

### Ano ang Mga Sinasaklaw na Serbisyo?

Nalalapat ang Patakaran sa Tulong Pampinansiyal sa emergency at iba pang pangangalagang medikal na kinakailangan. Ang mga tuntuning ito ay tinukoy sa Patakaran sa Tulong Pampinansiyal. Ang mga pagpapagamot na hindi pa agarang kinakailangan ay hindi sinasaklaw ng Patakaran sa Tulong Pampinansiyal.

### Paano Ako Makakapag-apply?

Upang magkapag-apply sa tulong pampinansiyal, karaniwan ay sasagutan mo ang isang pasulat na aplikasyon at magbibigay ng pansuportang dokumentasyon, gaya ng inilarawan sa Patakaran sa Tulong Pampinansiyal at aplikasyon sa Patakaran sa Tulong Pampinansiyal.

### Paano Ako Makakakuha ng Tulong sa Isang Aplikasyon?

Para sa tulong sa isang aplikasyon sa Patakaran sa Tulong Pampinansiyal, maaari kang makipag-ugnayan Patient Financial Counseling Office sa 202-854-4081.

### Paano Ako Makakakuha ng Higit pang Impormasyon?

Available ang mga kopya ng Patakaran sa Tulong Pampinansiyal at form ng aplikasyon sa Patakaran sa Tulong Pampinansiyal <http://www.provhosp.org/patients-guests/financial-assistance> at sa Patient Financial Counseling Office. Gamit ang koreo, maaari ding makakuha ng mga libreng kopya ng Patakaran sa Tulong Pampinansiyal at aplikasyon sa Patakaran sa Tulong Pampinansiyal sa pamamagitan ng by request to the Patient Financial Counseling Office at 202-854-4081. Available din ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa Patakaran sa Tulong Pampinansiyal sa Patient Financial Counseling Officeo sa pamamagitan ng telepono sa 202-854-4081.

### Paano Kung Hindi Ako Kwalipikado?

Kung hindi ka kwalipikado para sa tulong pampinansiyal sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pampinansiyal, maaari kang maging kwalipikado para sa iba pang mga uri ng tulong. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Patient Financial Counseling Officeo sa pamamagitan ng telepono sa 202-854-4081.

**Ang mga pagsasalang-wika ng Patakaran sa Tulong Pampinansiyal, aplikasyon sa Patakaran sa Tulong Pampinansiyal, at ang plain language summary na ito ay available sa mga sumusunod na wika kung kinakailangan:**

Arabic	Farsi	French	Greek	Haitian Creole
Japanese	Korean	Portuguese	Russian	Simplified Chinese
Spanish	Tagalog	Traditional Chinese	Urdu	Vietnamese